Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 1 Pedro 1:14-19

## SMALL GROUP SESSIONS

March 6- March 12, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# 1 Pedro 1:14-19

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA




PAGTUGON



# 1 Pedro 1:14-19

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


14 Bilang masunuring mga anak, huwag
kayong umayon sa masasamang
pagnanasa tulad ng ginagawa ninyo
noong kayo'y wala pang tunay na
pagkaunawa. 15 Dahil ang Diyos na
pumili sa inyo ay banal, dapat din kayong
magpakabanal sa lahat ng inyong
ginagawa, 16 sapagkat nasusulat,
“Magpakabanal kayo, sapagkat ako'y
banal.”



# 1 Pedro 1:14-19

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

17 Walang kinikilingan ang Diyos. Hinahatulan niya ang mga tao ayon sa mga ginawa nila. At dahil tinatawag ninyo siyang Ama, mamuhay kayong may takot sa kanya habang kayo'y nasa mundong ito.



# 1 Pedro 1:14-19

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

18 Alam ninyo kung ano ang ipinantubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Tinubos kayo hindi sa pamamagitan ng mga bagay na nasisira, tulad ng ginto o pilak, 19 kundi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo. Siya'y tulad ng korderong walang dungis at kapintasan.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Dahil ako ay nabibilang kay Kristo, didisiplinahin ko ang aking isip at kilos para maging banal tulad Niya.

# QUESTION 1

Ano ang iniutos na gawin natin sa verses 14-16?

1 Pedro 1:14-19

# PAGTUKLAS

# QUESTION 2

Ayon sa verse 17, paano tayo dapat mamuhay at bakit tayo dapat ganoon?

1 Pedro 1:14-19

## PAGTUKLAS

# QUESTION 3

Ano ang kabayaran ng pagtubos sa atin at ang dahilan kung bakit natin natatawag ang Diyos bilang Ama? (verses 18-19)

1 Pedro 1:14-19

## PAGTUKLAS

# QUESTION 1

Ano ang ibig sabihin ng kautusang "magpakabanal kayo"? Ibig bang sabihin na hindi dapat nagkakasala – hindi dapat gumawa ng mali? Paano tayo magpapakabanal sa lahat ng gawain natin?

1 Pedro 1:14-19

## PAG-UNAWA

# QUESTION 2

Sa palagay ninyo, ano ang ibig sabihin ng “mamuhay kayo na parang mga dayuhan na may paggalang at takot”? Paano tayo matutulungan ng pagkakaroon natin ng ganitong pag-iisip para magpakabanal?

1 Pedro 1:14-19

## PAG-UNAWA

# QUESTION 3

Posible bang masanay ng lubos sa mundo, at mamuhay pa rin ng may pagsunod kay Kristo? Bakit o bakit hindi?


1 Pedro 1:14-19

## PAG-UNAWA

# QUESTION 1

Suriin ang sariling buhay.

a. Ano-anong mga bagay ang ginamit (o ginagamit) ng demonyo para magawa mong kalimutang tayo ay kabilang kay Kristo? Paano mo paglalabanan ito?




1 Pedro 1:14-19

## PAGTUGON

# QUESTION 1

Suriin ang sariling buhay.

b. Ano-anong pangyayari ang ginagamit ng Diyos para ipaalala sa atin na hindi dito ang tahanan natin? Paano tayo dapat tumugon kapag nangyari iyon sa atin?




1 Pedro 1:14-19

## PAGTUGON

# QUESTION 2

Dahil alam natin ang ginawang sukdulang sakripisyo ng Diyos para sa atin, hindi natin dapat binabasta-basta ang kautusan Niyang mag-pakabanal tayo. Dapat tayong may gawin. Nakakaisip ka ba ng anu-mang pagbabago na kailangan mong gawin sa buhay mo para lubusan mo Siyang sundin? Paano mo hahayaan ang Banal na Espiritu na kumilos sa iyo? Paano makatutulong ang iyong mga kagrupo o mga Kristiyanong kaibigan?



**1 Pedro 1:14-19**

# PAGTUGON

# 1 Pedro 1:14-19

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Dahil ako ay nabibilang kay Kristo, didisiplinahin ko ang aking isip at kilos para maging banal tulad Niya.


Small Group Sessions
PANGWAKAS NA PANALANGIN

Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 1 Pedro 1:14-19

## SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK

Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584